JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 1 - Modyul 3.
## " Mga Biro Ko, Iiingatan Ko"



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



# Alamin

Nakatutuwang isipin na nakapagpapasaya tayo ng damdamin ng ating kapuwa sa oras ng kalungkutan at pag-iisa sa pamamagitan ng ating mga biro. Subalit ang nagbibiro ay dapat pumili ng mga salitang hindi makakasakit ng damdamin.

- Nakapagpapakita ng pagkamahinahon sa pagpili ng mga salitang di-nakakasakit ng damdamin sa pagbibiro.
  **EsP4P-IIa-c-18**

| Modyul 3 | Pagdama at Pag-unawa sa Damdamin ng Iba |
|---|---|



# Balikan

Sa gawaing ito ating balikan ang iyong natutunan ukol sa pagtanggap ng puna ng kapuwa ng maluwag sa kalooban.

**Panuto:** Magbigay ng reaksyon sa mga sumusunod na sitwasyon. Isulat sa sagutang papel ang inyong mga sagot.

1. Ikaw ay nag-uulat sa harap ng inyong mga kaklase. Isa sa iyong mga kaklase ay nakabigay ng hindi magandang komento sa iyong pag-uulat. Ano ang iyong gagawin?

_____________________________________________________________

2. Kayo ay nagkukuwentuhan kasama ang iyong mga kaibigan ng biglang may nasabi ang iyong kaibigan na nakasakit sa iyong damdamin. Paano mo ito tatanggapin?

_______________________________________________________________

3. Nakita mong tinutukso ng inyong kaibigan ang isang pilay na dumaraan. Pansin mo na malungkot siya. Ano ang sasabihin mo sa kanya upang maibsan ang kanyang kalungkutan?

______________________________________________________________



# Tuklasin

## Nakatutuwang Biro

Malakas ang tawanan sa loob ng silid-aralan nina Caloy. Wala pa ang kanilang guro kaya't walang humpay na tuksuhan at biruan ang ginagawa ng mga mag-aaral. Pinag-uusapan nila ang mga katatawanang napanood sa telebisyon. Sila rin ay nagbibigay ng sarili nilang nakatatawang biro.

"Alam niyo, may pick-up line ako, " sabi ni Ronel. "Sige , sabihin mo, "sabay sabay na sagot ng mga kaklase niya.

"Crayola ka ba?" "Bakit?" "Nagbibigay ka kasi ng kulay sa mundo."

Malakas na tawanan ang ibinigay ng mga mag-aaral. "Ako naman ang magbibigay ng pick-up line," wika ni Ton-Ton sabay tingin sa isa nilang kaklase.

"Ikeng, Elepante ka ba? " "Bakit?" "Kasi ang laki ng tainga mo, "malakas na tawanan ulit ang sumunod na narinig sa silid-aralan subalit si Ikeng ay biglang tumahimik.

Biglang pumasok si G. Ramos at narinig niya ang huling biro ng mag-aaral. Matapos siyang batiin ng mga mag-aaral ay nagbigay siya ng paalala sa mga ito tungkol sa tamang pagbibiro.

"Natutuwa ako dahil masayahin kayo at kaya ninyong aliwin ang inyong mga kamag-aral. Kaya lamang ay dapat ninyong piliin ang mga sitwasyon at salitang gagamitin sa pagbibiro, "paliwanag ng kanilang guro.

"Bakit kaya hindi natuwa si Ikeng sa naging biro sa kanya?" tanong ng guro. Kasi po nasaktan siya sa pagkokompara sa kanya sa elepante," sagot ni Carol.

"Tandaan ninyo na ang mga biro ay dapat nakatutuwa at hindi nakasasakit sa damdamin ng kapuwa," dagdag pa ng guro.

Ipinaalam din sa kanila ng guro na ang paggamit ng mga salitang nakasasakit sa damdamin ng kapuwa kahit na biro ay maaring ituring na pambu-*bully*.

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Alin sa mga birong ginamit sa kuwento ang nakapagpapasaya ng damdamin?
2. Bakit hindi natuwa si Ikeng sa biro ng kaniyang kaklase? Kung ikaw si Ikeng, Ano ang iyong mararamdaman?
3. Ipaliwanag kung bakit dapat ingatan ang mga salitang ginagamit sa pagbibiro.



# Suriin

Ang pagiging mahinahon sa damdamin ay naipapakita maging sa mga salitang ginagamit sa pagbibiro. May mga pagkakataong sa kagustuhan nating makapagpasaya ng ating kapuwa hindi na natin napipili ng maayos ang mga salita at nakasasakit tayo sa ating kapuwa.

Gawain 1

**Panuto:** Basahin ang diyalogo at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Ito sina Abdul, Hasan at Sitti. Mahilig silang magbiro sa kanilang mga kakilala.




1. Kung ikaw ang sinabihan ng mga salitang ito sa pagbibiro ng iyong kapuwa, ano ang iyong mararamdaman?

2. Balikan ang diyalogo nina Abdul, Hasan at Sitti. Paano mo sasabihin ang kanilang mga biro na hindi ka makasasakit ng iyong kapuwa?



# Pagyamanin

Ipaliwanag ang mga sumusunod na sitwasyon:

1. Pangarap mong maging modelo sa iyong paglaki kung kaya't sumasali ka sa mga paligsahan sa inyong paaralan at komunidad. Gayon pa man madalas mong marinig na may pumipintas sa iyo. Ano ang iyong gagawin?

2. May bago kang kaklase galing sa malayong probinsya. Nalaman mong pinipintasan ito ng mga kaklase mo. Ano ang sasabihin mo sa kanila?

3. Ano ang dapat gawin kapag nabu-bully?



# Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na layong matukoy ang lawak ng iyong natutunan sa paksang pinag-aralan tungkol sa Pagdama at Pag-unawa sa Damdamin ng iba, Pagiging totoo!

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Bakit kailangang pumili ng mga salita sa pagbibiro?

2. Dapat bang magalit pag ikaw ay binibiro?

3. Naranasan mo na bang makapagpasaya ng iyong kapuwa sa iyong mga biro?

4. Nakagamit ka na rin ba ng mga salitang nakasasakit sa damdamin sa iyong pagbibiro?

5. Ipaliwanag kung bakit dapat ingatan ang mga salitang ginagamit sa pagbibiro.



# Isagawa

**Gawain 1**

**Panuto:** Magbigay ng mga biro na narinig o napanood ninyo sa telebisyon. Sabihin kung ano ang maaaring maramdaman ng taong binibiro.

| **Nagsabi/pinanggalingan ng biro** | **Mga salitang ginamit sa pagbibiro** | **Maaaring maramdaman ng taong binibiro** |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |



# Tayahin

**Panuto:** Sagutin ang bawat tanong. Piliin lamang ang titik nang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Paano maipapakita ang pagiging mahinahon?
   A. Pagbibiro gamit ng kahit anong salita
   B. Pagbibiro sa tao kahit siya ay nasasaktan na
   C. Pagbibiro sa tao gamit ang nakakasakit na mga salita
   D. Pagbibiro ng mahinahon gamit ang di-nakasasakit na mga salita

2. Ano ang naidudulot ng paggamit ng salitang di nakasasakit sa taong binibiro?
   A. Magandang ugnayan sa bawat isa
   B. Pagkakagalit ng magkakilala
   C. Pagkakagulo ng mga tao
   D. Pagkawatak-watak ng mga magkakapamilya

3. Kung ikaw ay nabiro ng iyong kaibigan at ikaw ay nasaktan, ano ang gagawin mo?
   A. Aawayin ko siya
   B. Mananahimik na lang
   C. Sasabihan ko na nasasaktan ako at wag na ipaulit sa kanya
   D. Magbibiro rin ako ng masasaktan siya

4. Kailan nagiging masama ang pagbibiro?
   A. Kapag ito ay nakapagbibigay tuwa sa tao.
   B. Kapag ito ay ginamitan ng mga salitang hindi nakakasakit
   C. Kapag ito ay walang maayos na gamit ng salita at nakasasakit na sa tao
   D. Kapag ito ay nakapagpapagaan ng loob

5. Ano ang gagawin mo kapag nakita mong nasasaktan ang kaklase mo na binibiro ng ibang mga mag-aaral?
   A. Hayaan na lang sila at huwag nang makialam
   B. Lapitan ang ibang mag-aaral at sabihan na itigil na nila ang pagbibiro
   C. Sumali sa ibang mag-aaral para biruin ang iyong kaklase
   D. Sumigaw at makipagaway sa ibang mag-aaral.



# Susi sa Pagwawasto

BALIKAN (Inaasahang Sagot)

1. Mga posibleng kasagutan ng mga mag-aaral.
2. Mga posibleng kasagutan ng mga mag-aaral.
3. Mga posibleng kasagutan ng mga mag-aaral.

TUKLASIN (Inaasahang sagot)

1. “Crayola ka ba?” “Nagbibigay ka kasi ng kulay sa mundo”
2. Dahil hindi maganda ang biro ng mga kaklase sa kanya. Kung ako si Ikeng masasaktan ako sa kanilang biro.
3. Dapat nating ingatan ang mga salitang ginagamit sa pagbibiro dahil minsan ang pagbibiro ay nakasasakit ng damdamin ng iba.

SURIIN
Gawain 1
1.Masasaktan
2. Sa halip na sabihing aparador palitan ang salita sa cute. Ang salitang kontrabida palitan ng salitang maganda.

PAGYAMANIN (Inaasahang sagot)

1. Hayaan na lang sila.
2. Pagsabihan ko sila na hindi dapat pinipintasan ang ating mga kaklase.
3. Sabihin agad sa guro at mga magulang maaari din na magsumbong sa kinauukulan at mahalagang alamin ang tungkol sa batas na Anti-Bullying

ISAISIP (Inaasahang Sagot)

1. Para hindi ka makasasakit ng damdamin ng kapuwa
2. Depende sa kanilang binitawang biro
3. Opo, nakaranas napo
4. minsan
5. para hindi ka makasasakit ng damdamin ng iyong kapuwa. Para hindi ka pagbintangan ng Anti-bullying.

ISAGAWA
*kanya kanyang sagot ng mga mag-aaral.

TAYAHIN
1. D
2. A
3. C
4. C
5. B

## *Sanggunian*


Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4,Kagamitan ng Mag-aaral,* DepEd – BLR, 2015, 98-106.

Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4 Patnubay ng Guro,* DepEd – BLR, 2015, 56 – 62.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Roselle I. Enrera,T-I,Old Camp Elementary School,Isabela City Division

**Editor:** Almalyn P. Wahab, T-I, Caro Elementary School, Isabela City Division

**Tagasuri:** Yashier U. Susulan, PSDS West- 2

**Tagaguhit:** Anthony H. Hairil, T-II, Caro Elementary School, Isabela City Division

**Tagalapat:** Liza L. Cornelio,T-III, Old Camp Elementary School, Isabela City Division

**Tagapamahala:**

Julieto H. Fernandez, OIC-SDS

Maria Laarni T. Villanueva, OIC-ASDS

Eduardo G. Gulang, SGOD Chief

Henry R. Tura, CID Chief

Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor

Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuano, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX